

SAINT AGATHA, VIRGIN, MARTYR

c. Third Century

February 5—Memorial

Patron Saint of Sicily, breast cancer, rape victims, and bellfounders

Of all the men drawn to her, she desired only one

Pope Saint Gregory the Great reigned as the Supreme Pontiff of the Church from 590–604. His family loved Sicily and had property there, so the young Gregory was familiar with that beautiful island's saints and traditions. When he became Pope, Saint Gregory inserted the names of two of Sicily's most revered martyrs, Agatha and Lucy, into the heart of the Mass, the Roman Canon. Saint Gregory even placed these two Sicilians just before the city of Rome's own two female martyrs, Agnes and Cecilia, who had been part of the Roman Canon for many centuries prior. It was this papal decision that has preserved Saint Agatha's memory more effectively than anything else. Liturgy is inherently conservative and protects the Church's oldest memories. So on the lips of thousands of priests every day are the names of some of the Church's most revered female martyrs: "Felicity, Perpetua, Agatha, Lucy, Agnes, Cecilia, Anastasia, and all the saints."

Not much is known for certain about the life and death of Saint Agatha, but long tradition supplies what primary documents lack. Pope Damasus, who reigned from 366–384, may have composed a poem in her honor, indicating how widespread her reputation was by that early date. Saint Agatha was from a well-off family in Sicily in Roman times, probably in the third century. After dedicating her life to Christ, her beauty drew powerful men to her like a magnet. But she refused all suitors in favor of the Lord. Perhaps during the persecution of the Emperor Decius around 250, she was arrested, interrogated, tortured, and martyred. She refused to renounce her faith or to give in to the powerful men who desired her. An ancient homily relates: "A true virgin, she wore the glow of a pure conscience and the crimson of the lamb's blood for her cosmetics."

It is also the constant tradition that her torture included sexual mutilation. Whereas Saint Lucy is shone in art with her eyeballs on a platter, Saint Agatha is normally shown holding a plate on which rest her own breasts, as they were cut off by her pagan tormentors



before her execution. This peculiar image is, in fact, carved into the wall over the entrance to the sixth century church of Saint Agatha in Rome, a church re-dedicated by Pope Saint Gregory himself so long ago.

Men commit most of the physical violence in the world. And when their victims are women, that violence can be particularly vicious because their victims are so defenseless. The stories of the early male martyrs of the Church relate tales of extreme torture by their Roman captors. But the stories of the women martyrs often relate something more—sexual humiliation. No male martyrs are known to have suffered similar indignities. Saint Agatha and others were not only physically tough to endure the pain they did, but also mentally and spiritually powerful to have resisted to the death the public embarrassment and degradation particular to them as women. They were the strong ones. It was their male captors who looked weak.

It was Christianity's exaltation of women, children, slaves, prisoners, the old, the sick, the foreigner, and the outcast that caused the vast leaven of the Church to slowly rise in the Mediterranean world. The Church did not create a victim class who complained about a privileged class. The Church preached the dignity of persons. The Church did not even preach equality of individuals or teach that governments must enact laws protecting the unprotected. That is all so modern. The Church spoke in theological language and taught that every man, woman, and child was made in God's image and likeness and so deserved respect. It taught that Jesus Christ died for every person on the cross. The Church gave, and gives, total answers to total questions, and those answers were, and are, compelling. The Feast of Saint Agatha is still massively celebrated on February 5 in Catania, Sicily. Hundreds of thousands of faithful process through the streets in honor of that island's patron saint. The ancient traditions carry on.

Saint Agatha, you were a virgin espoused to Christ himself, a bride of the Lord who preserved herself for Him alone. Your vow to love God above all else hardened you to endure temptation, torture, and degradation. May we be as resolute as you when any type of persecution, however mild, seeks us out.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-5-st-agatha-virgin-martyr/

IKA-5 NG PEBRERO, SABADO IV

SANTA AGATA (Agueda),
dalaga at martir

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Makinig tayo sa tinig ng Diyos, at pumasok sa kanyang pangakong inilaan.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

Si Kristo ang Liwanag, at wala nang iba pa,
'Sinilang sa 'ting mundo, at naging kapatid s'ya.
Kung nakita na siya, nakita na ang Ama.
Purihin ang ating D'yos, at luwalhatiin s'ya!

S'ya ang Kapayapaan, at wala nang iba pa,
Ang may galit sa kapwa'y di maaring lingkod n'ya.
Sino pa'ng mag-uugnay upang mapasa Ama.
Purihin ang ating Diyos, at luwalhatiin s'ya!

Siya ang ating Buhay, at wala nang iba pa,
'Pinagbili nang mura, inaba't pinatay s'ya.
Siya'ng tumubos sa 'tin, nasa kanan ng Ama.
Purihin ang ating D'yos at luwalhatiin s'ya!

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Aawit kaming lagi ng papuri sa ngalan mong Kataas-taasan at awa mo'y ihahayag sa pagbubukang-liwayway.**

Salmo 92
(Pagpupuri sa Diyos na Manlilikha)

Ang magpasalamat sa PANGINOONG Diyos ay mabuting bagay,
Umawit na lagi, purihin ang ngalang Kataas-taasan.
Pag-ibig n'yang wagas ay dapat ihayag, kung bukang-liwayway,
Pagsapit ng gabi, ang katapatan n'ya'y ihayag din naman.
Ito'y ipahayag sa saliw ng alpa't tugtuging salteryo,
Sa magandang himig ng tugtuging lira'y ipahayag ito.

Ako'y nagagalak sa iyong ginawa na kahanga-hanga,
Sa lahat ng ito, ako'y umaawit dahilan sa tuwa.
O pagkadakila! Kay dakila, PANGINOON, ng iyong ginawa,
Ang iyong isipan ay sadyang mahirap naming maunawa.

Sa pahat na isip, ang bagay na ito ay di nalalaman,
Hindi malilirip ni mauunawa ng sinumang mangmang
Ang mga masama, kahit na dumami, sila ma'y umunlad,
Yaong sasapitin nila't hahantungan ay pagkapahamak;
Sapagkat ikaw lang, PANGINOON, ang dakila't walang makatulad.
Nababatid naming lilipuling lahat ang iyong kaaway,
At lahat ng taong masama ang gawa ay mapipilan.

Ako'y ginawa mong sinlakas ng torong mailap sa gubat,
Ako'y pinagpala't pawang kagalakan yaong dinaranas.
Aking nasaksihan yaong pagkalupig ng aking kaaway,
Pati pananaghoy ng mga masama'y aking napakinggan.
Katulad ng palma, ang taong matuwid tatatag ang buhay,
Parang mga sedro, kahoy sa Libano, lalagong mainam.

Parang punongkahoy na doon natanim sa tahanan ng Diyos,
Sa banal na templo, ito ay lalago na nakalulugod.
Tuloy ang pagbunga kahit na ang punong ito ay tumanda,
Luntia't matatag, at ang dahon nito ay lagging sariwa.
Ito'y patotoo na ang PANGINOO'Y tunay na matuwid,
Siya kong sanggalang, matatag na batong walang bahid dungis.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Aawit kaming lagi ng papuri sa ngalan mong Kataas-taasan at awa mo'y ihahayag sa pagbubukang-liwayway.**

Antipona 2: **Lilikha ako sa inyo ng bagong puso at hihingahan ko kayo ng bagong espiritu.**

Awit: Ezekiel 36:24-28

(Papanibaguhin ng Panginoon ang kanyang bayan)

Titipunin ko kayo mula sa iba't ibang bansa
Upang ibalik sa inyong bayan.

Wiwisikan ko kayo ng tubig na dalisay
Upang kayo'y luminis.
Aalisin ko rin ang naging mantsa ninyo
Dahil sa inyong mga diyus-diyusan.

Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu.
Ang masuwayin ninyong puso
Ay gagawin kong masunurin.

Bibigyan ko kayo ng aking Espiritu
Upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin
At masunod ninyong mabuti ang aking mga utos.

Ititira ko kayo sa lupaing
Ibinigay ko sa inyong mga ninuno.
Kayo ay magiging bayan ko at ako ang inyong Diyos.

(Papuri sa Ama at…)



Antipona 2: **Lilikha ako sa inyo ng bagong puso at hihingahan ko kayo ng bagong espiritu.**

Antipona 3: **Pupurihin kang lagi ng mga sanggol at bata.**

Salmo 8

(Ang Diyos ay maringal at ang tao'y marangal)

Ikaw, O PANGINOON, PANGINOON namin,
Laganap sa lupa ang iyong luningning,
At hanggang sa langit laging pupurihin.

Aawitang lagi niyong mga bata,
Na wala pang malay at sariling diwa.
Matibay na muog ikaw ay naghanda
Laban sa kaaway, kalabang masama.

Ang likha mong langit, kung aking pagmasdan,
Pati mga tala, bituin at buwan;
Ano nga ang tao upang 'yong alalahanin?
Ay ano nga siya na sukat mong kalingain?

Nilikha mo siya, na halos kapantay
Ng iyong luningning at kadakilaan!
Pinamahala mo sa buong daigdig,

Sa lahat ng bagay malaki't maliit;
Mga baka't tupa, hayop na mabangis
At lahat ng ibong nasa himpapawid,
At maging sa isda, sa 'lalim ng tubig.

Sa buong daigdig, ikaw PANGINOON namin,
Ang banal mong ngalan ay dadakilain!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Pupurihin kang lagi ng mga sanggol at bata.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(2 Pedro 3:13-15a)*

Ayon sa pangako ng Diyos, naghihintay tayo ng mga bagong langit at ng bagong lupa na pinaghaharian ng katarungan. Kaya nga, mga minamahal, samantalang kayo'y naghihintay, sikapin ninyong mamuhay na payapa, walang dungis at kapintasan. Alalahanin ninyong kaya nagtitimpi ang PANGINOON ay upang bigyan kayo ng pagkakataong maligtas.

TUGUNAN

Aking kagalakan, O Diyos, ang ika'y purihi't awitan.
— Aking kagalakan, O Diyos, ang ika'y purihi't awitan.

Ang umawit habang ang kagandahang-loob mo'y pinagninilayan,
— ang ika'y purihi't awitan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Aking kagalakan, O Diyos, ang ika'y purihi't awitan.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Panginoon, patnubayan mo kami sa daan ng kapayapaan.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Sambahin natin ang Diyos na nagkaloob ng pag-asa at buhay sa sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang Anak. Hilingin natin:

Panginoon, kami'y iyong pakinggan.

Panginoon, Ama ng lahat, ikaw ang may kaloob ng araw na ito,
— tulutan kaming makapamuhay kapiling ni Kristo
at makapagbigay-papuri sa kadakilaan mo.

Ginawaran mo kami ng pananampalataya, pag-asa at pag-ibig,
— manatili nawa itong nakaugat sa puso nami't isip.

Panginoon, ang paningin nawa nami'y ituon sa iyo,
— upang madali kaming makatugon sa tawag mo.

Ipagtanggol kami mula sa bitag ng masama.
— huwag itulot na sa kasalanan kami'y madapa.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ang dalaga at martir na si Santa Agata
ay manikluhod nawa sa iyo
para kami'y iyong patawarin
dahil siya ay iyong kinalulugdan kailanman
bilang matatag na martir
at matapat hanggang kamatayan
sa aming Panginoong Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen.

IKA-5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON I

Panalangin sa Takipsilim (I)

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Ngayon kami sa Diyos ay nagpapasalamat
Puso at mga kamay, at pati yaring palad;
Sa kanyang mga gawa, mundo ay nagagalak
At magpahanggang ngayoy pag-ibig niya'y lahad.

Lagi nawang makapiling ang mapagpalang Diyos
Upang ang kapayapaan ng puso'y malubos;
Ilayo sa masama, gabayan sa pagsubok
Hanggang ating makamit ang langit na kaloob.

Papuri t pasasalamat sa Amang Dakila
At sa Bugtong na Anak na sa ati'y bumaba,
Sa Espiritu Santong tuwa't lakas ng madla;
Naghahari ang Diyos sa langit at sa lupa.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Tulad ng nagbabagang kamanyang, Panginoon, dalangin ko nawa'y bigyan ng tugon.**

Salmo 141:1-9

(Panalangin sa panahon ng panganib)

Sa iyo, PANGINOON, ako'y dumadalangin
Sa aking pagtawag, ako sana'y dinggin.
Ang aking dalangin sana'y tanggapin mo,
Masarap na samyong handog na insenso;
Ariing panggabing handog ko sa iyo.

O PANGINOON ko, bibig ko'y bantayan,
Ang mga labi ko'y lagyan mo ng bantay.
Huwag mong babayaang ako ay matukso,
Sa gawang masama ay magumon ako;
Ako ay ilayo, iiwas sa lilo,
Sa handaan nila'y nang di makasalo.

Pagka't may pag-ibig, ang mabuting tao
Pwedeng magparusa't pagwikaan ako,
Nguni't ang masama ay hindi ko ibig
Na ang aking ulo'y buhusan n'ya ng langis;
Pagka't ang dalangin at lagi kong hibik,
Ay laban sa gawa niyang malulupit.

Kung sila'y bumagsak tuloy na hatulan,
Maniniwala na ang mga nilalang
Na ang salita mo ay katotohanan.
Tulad ng panggatong na pira-piraso,
Sa pinaglibinga'y kakalat ang buto.

Di ako hihinto, n'yaring pananalig,
Ang pag-iingat mo'y aking ninanais,
H'wag mong itutulot, buhay ko'y mapatid.
Sa mga patibong ng taong balakyot,
Ingatan mo ako, ilayo mong lubos.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

(Ang lahat ng mga Salmo at Papuring Awit ay winawakasan sa pamamagitan ng pagdarasal ng "Papuri sa Ama at…" maliban kung isinasaad na hindi.)

Antipona 1: **Tulad ng nagbabagang kamanyang, Panginoon, dalangin ko nawa'y bigyan ng tugon.**

Antipona 2: **Panginoon, ikaw ang aking tanggulan; ikaw lamang ang nais ko sa buhay.**

Salmo 142

(Ikaw, Panginoon, ang aking tanggulan)

Ako ay humingi ng tulong sa Diyos,
Ako ay dumaing, sa kanya'y lumuhog;
Ang aking dinala'y lahat kong hinaing,
At ang sinabi ko'y pawang suliranin.

Nang ako ay halos wala nang pag-asa,
Ang dapat kong gawi'y nalalaman niya.
Sa landas na aking pinagdaraanan,
May handang patibong ang aking kaaway.

Sa aking paligid, nang ako'y lumingon,
Wala ni isa man akong makatulong.
Wala kahit isa na magsasanggalang,
Ni magmalasakit na kahit sinuman.

Ako ay humibik, sa PANGINOON dumaing,
Sa Tagapagligtas, ako'y dumalangin,
Pagkat siya lamang ang lunas sa akin.
Dinggin ang hibik ko, ako ay tulungan,
Pagkat halos ako'y di makagulapay.
Iligtas mo ako sa mga kaaway,
Na mas malalakas ang mga katawan.

Sa suliranin ko, ako ay hanguin
At ang pangalan mo'y aking pupurihin,
Sa gitna ng madlang mga lingkod mo rin
Sa kabutihan mong ginawa sa akin!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Panginoon, ikaw ang aking tanggulan; ikaw lamang ang nais ko sa buhay.**

Antipona 3: **Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.**

Awit: Filipos 2:6-11
(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)

Bagama't siya'y Diyos,
Hindi nagpilit
Na manatiling kapantay ng Diyos.

Bagkus hinubad niya
Ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos,
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao, siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos
At binigyan ng pangalang
Higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,
Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipapahayag ng lahat
Na si HESUKRISTO ANG PANGINOON,
sa ikararangal ng Diyos Ama.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Roma 11:25, 30-36)*

Mga kapatid, may isang hiwaga na ibig kong malaman ninyo para hindi maging mataas ang palagay ninyo sa inyong sarili. Dati, masuwayin kayo sa Diyos, ngunit ngayo'y kinahahabagan sa panahon ng pagsuway ng mga Judio. Gayon din naman, sila'y naging masuwayin ngayong kayo'y kinahahabagan upang sila'y kahabagan din. Sapagkat hinayaan ng Diyos na maalipin ng kanilang kasalanan ang lahat ng tao upang maipadama sa kanila ang kanyang habag.

Napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kayamanan, karunungan at kaalaman ng Diyos! Hindi malirip ang kanyang mga panukala at pamamaraan! Gaya ng nasusulat: "Sapagkat sino ang nakaalam sa pag-iisip ng PANGINOON. O sino ang naging tagapayo niya? Sino ang nakapagkaloob ng anuman sa Diyos para siya nama'y gantimpalaan?" Sapagkat mula sa kanya at sa pamamagitan niya at sa kanya ang lahat ng bagay. Sa kanya ang karangalan magpakailanman. Amen.

TUGUNAN

Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga
habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.
— Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga
habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Pinupuri namin ang karunungang sa kanila'y lumalang,
— habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga
habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harapan ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa, at dakilain ang inyong Amang nasa langit.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Bigyang-papuri natin ang iisang Diyos-Ama, Anak, at Espiritu Santo at sa ating kahinaa'y idalangin natin:

Panginoon, samahan mo ang iyong bayan.

Amang Banal at Makapangyarihan, manahan nawa sa lupa ang iyong katarungan,
— upang mabuhay ang iyong bayan sa ganda ng kapayapaan.

Mapalapit nawa ang bawat bansa sa iyong kaharian,
— upang ang lahat ng tao'y magtamo ng kaligtasan.

Mabuhay nawa ang mga mag-asawa sa kapayapaan,
— at umunlad na magkatuwang sa pagmamahalan.

Panginoon, gantimpalaan mo nawa ang lahat ng nakagawa sa amin ng kabutihan,
— at gawaran mo sila ng buhay na walang hanggan.

Maawa ka sa mga biktima ng alitan at digmaan,
— pagkalooban mo sila ng makalangit na kapayapaan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
tunghayan mo kaming iyong angkan,
at panatilihin kaming ligtas sa tulong ng iyong pagmamahal
sapagkat nasa iyo lamang ang aming pag-asang tunay.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Pinupuri ka namin dahil sa 'yong kalinga,
Dakila naming Amang puspos ng pagpapala,
Kaloob sa ami'y pag-ibig na mahiwaga,
Na kahit na sa paghimlay ay nagtitiwala.

Sa pagsapit ng dilim, panatag na hihimlay
Upang panibaguhin ang lakas na 'yong bigay.
Ang hanapin nawang lagi'y ang ganap mong buhay,
Tiyak na makakamtan, biyayang kaligtasan.

Antipona 1: **Panginoon, kami'y kaawaan at dinggin ang aming dasal.**

Salmo 4
(Pasasalamat)

Sagutin mo ako sa aking pagtawag,
PANGINOONG Diyos na aking kalasag;
Ikaw na humango sa dusa ko't hirap,
Ngayo'y pakinggan mo, sa aki'y mahabag.

Hanggang kailan pa kaya lilibakin
Niyong mga tao ang iyong alipin?
Hanggang kailan pa nila iibigin
Ang walang halaga't pagsisinungaling?

Dapat mapagkuro ninyo at malaman
Na mahal ng PANGINOON akong kanyang hirang,
Dinirinig niya sa pananawagan.

Nagagalit ka man, sala ay iwasan,
Sa loob ng silid ikaw ay magnilay;
Ihandog sa PANGINOON, yaong wastong alay,
Ang pagtitiwala sa kanya ibigay.

Ang marami niya'y yaong nagsasabi:
"Masaganang biyaya ay buhusan kami,
At pagkalooban ng habag mo, PANGINOON!"

O Diyos, ang ligayang bigay mo sa akin,
Higit na di hamak sa galak na angkin,
Nilang may maraming imbak na pagkain
At iniingatang alak na inumin.

Sa aking paghimlay, ako'y mapayapa,
Pagkat ikaw, PANGINOON, ang nangangalaga.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 1: **Panginoon, kami'y kaawaan at dinggin ang aming dasal.**

Antipona 2: **Sa katahimikan ng gabi, awitan ang Diyos ng papuri.**

Salmo 134
(Panalangin sa Takipsilim sa Templo)

Lumapit sa PANGINOON, at kayo'y magpuri,
Kayong naglilingkod sa templo, kung gabi.
Sa loob ng templo siya'y papurihan
Kayo'y dumalangin na taas ang kamay.

Nawa'y pagpalain kayo ng Lumikha,
Ng Diyos na lumikha ng langit at lupa;
Magmula sa Sion, tanggapin ang pala.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 2: **Sa katahimikan ng gabi, awitan ang Diyos ng papuri.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Deuteronomio 6:4-7)*

Dinggin ninyo mga Israelita: Ang PANGINOON lamang ang Diyos. Ibigin ninyo siya nang buong puso, kaluluwa at lakas. Ang mga utos niya ang itanim ninyo sa inyong isip. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; sa loob at sa labas ng inyong tahanan, sa oras ng paggawa at pamamahinga, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
samahan kami ngayong gabing magdamag.
Sa pagdating ng araw,
makabangon nawa kami sa pagkahimlay,
upang magalak sa pagkabuhay ng iyong Kristo,
na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.